8

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
# IKAAPAT NA MARKAHAN – MODYUL 1


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat at Tagalapat:** Annaly M. Gonzales
**Tagasuri ng Nilalaman:** Elvira F. Siason/ Rico C. Tarectecan
**Tagasuri ng Wika:** Elvira F. Siason
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS


**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# Kaligirang Pangkasaysayan ng Florante at Laura

## Inaasahan

Sa pagtatapos ng pag-aaral sa SLEM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng Florante at Laura batay sa napakinggang mga pahiwatig sa akda **(F8PN-IVa-b-33)**
2. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng: - pagtukoy sa kalagayan ng lipunan sa panahong nasulat ito - pagtukoy sa layunin ng pagsulat ng akda - pagsusuri sa epekto ng akda pagkatapos itong isulat **(F8PB-IVa-b-33)**
3. Nailalarawan ang tagpuan ng akda batay sa napakinggan. **(F8PN-IVf-g-36)**

## Unang Pagsubok

**A. Panuto:** Basahin at unawain ang bawat katanungan at piliin ang titik ng wastong kasagutan.

1. Ang mga sumusunod ay kalagayang panlipunan na naganap sa panahong naisulat ang Florante at Laura **MALIBAN** sa isa.

    A. Mahigpit ang ipinatupad na sensura kaya't ipanagbawal ang mga babasahin at palabas na tumutuligsa kalupitan ng mga Espanyol.
    B. Naging maluwag, makatarungan at makatao ang ginawang pamamahala ng mga Espanyol sa ating bansa.
    C. Marami sa mga nalathalang aklat sa panahong ito ay mga diksyunaryo at aklat panggramatika.
    D. Ang karaniwang tema ng mga sulatin sa panahong iyon ay tungkol sa relihiyon at paglalaban ng mga Kristiyano at Muslim.

2. Ang Florante at Laura ay isinulat ni Balagtas noong 1838. Sa kabila ng maraming taon na ang lumipas patuloy pa rin itong binabasa at pinag-aaralan. Ang patunay na may matibay na epekto ang Florante at Laura ay __.

    A. Isa itong Obra Maestra.
    B. Isang awit na may 12 pantig sa bawat taludtod.
    C. Naglalaman ng mga mahahalagang aral sa buhay.
    D. Bahagi ng kasaysayan.

3. May mga layunin si Balagtas sa pagsulat ng walang kamatayang Florante at Laura. Isa sa mga ito ay ang ___.

A. Makapagbili ng maraming sipi at yumaman sa pamamagitan ng kaniyang walang kamatayang akda.
B. Makabuo ng isang akdang maiaalay kay “Selya” o Maria Asuncion Rivera, ang babaeng minahal niya nang labis.
C. Maisalin ang kaniyang akda sa iba’t ibang wika at mabasa sa iba’t ibang bansa.
D. Mailahad ang labis niyang katuwaan sa magagandang karanasan sa mga Espanyol.

4. Batay sa ginawang paghahambing ng pangyayari sa akda at pangyayari sa tunay na buhay sa kasakuyang panahon, sa iyong palagay, bakit mahalagang pag-aralan ang Florante at Laura dahil ?
A. Bahagi ito ng kurikulum sa Baitang 8
B. Ang estilo ng bigkas nito ay pa-awit
C. Naglalaman ito ng mga salitang matatalinghaga
D. May mga aral itong hanggang sa kasalukuyan ay naisasabuhay pa rin

5. Malinaw na ang mga pangyayari sa Florante at Laura ay nangyayari pa rin sa kasalukuyan. Ipagpalagay na umiral din ang kawalang-katarungan sa iyong buhay dahil sa pagkakaiba ng kalagayan sa buhay. Alin sa mga sumusunod ang pipiliin mong maging katulad ni ?
A. Florante, paninindigan ang alam niyang tama.
B. Adolfo na gagawin ang lahat para sa personal niyang interes.
C. Flerida, ipaglalaban ang tunay na pag-ibig.
D. Laura, maghihintay ng tamang panahon.

**B.** Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at tukuyin ang mga layunin ni Balagtas sa pagsulat ng walang kamatayang Florante at Laura. Lagyan ng tsek (/) ang kahon ng lahat ng iyong sagot.

☐ 1.Maihayag ang apat na himagsik na naghari sa puso ni Balagtas kaugnay ng pamamahala ng mga Espanyol.

☐ 2.Makabuo ng isang akdang maiaalay kay “Selya” o Maria Asuncion Rivera, ang babaeng minahal niya ng labis.


☐ 3.Makapagbili ng marami at yumaman sa pamamagitan ng salaping kikitain sa kanyang walang kamatayang akda.

☐ 4.Maisalin ang kaniyang akda sa iba’t ibang wika at mabasa sa iba’t ibang bansa.

☐ 5.Mailahad ang malabis na sakit, kabiguan,kaapihan,himagsik at kawalang-katarungang naranasan niya sa lipunang kaniyang ginagalawan.

## Balik-Tanaw

Isa-isahin ang mga hakbang sa pagsasagawa o pagbuo ng Social Awareness Campaign. Itala ang mga ito sa Ladder Organizer sa ibaba ayon sa pagkakasunod-sunod.




## Maikling Pagpapakilala Ng Aralin

Isa sa tinuturing na walang kamatayang akda sa Panitikang Pilipino ay ang Obra Maestra ni Francisco "Balagtas" Baltazar ang Florante at Laura. Handa ka na bang marinig ang kasaysayan ng Florante at Laura? Ipabasa sa iyong magulang o sa nakatatandang kasama mo sa bahay ang Kaligirang Pangkasaysayan ng Florante at Laura at alamin kung bakit ang akdang ito ay maituturing na walang kamatayan.

**Kaligirang Pangkasaysayan Ng Florante At Laura**

Ang Florante at Laura ay isinulat ni Francisco "Balagtas" Baltazar noong 1838, panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa bansa. Sa panahong ito, mahigpit ang pinatutupad na sensura kung kaya't ipinagbabawal ang mga babasahin at palabas na tumutuligsa sa pagmamalabis at kalupitan ng mga Espanyol. Dahil sa pagkontrol ng mga Espanyol, ang mga aklat na nalimbag sa panahong ito ay karaniwang patungkol sa relihiyon o di kaya'y sa paglalaban ng mga Moro,

gayundin ng mga diksyunaryo at aklat panggramatika.

Sa kabila ng mahigpit na sensura ng mga Espanyol ay naging matagumpay si Balagtas na mailusot ang kaniyang awit, relihiyon at paglalaban ng mga Moro at Kristiyano kasi ang temang ginamit niya rito bagama't naiugnay niya rito sa pag-iibigan nina Florante at Laura. Naitago niya sa pamamagitan ng paggamit ng alegorya ang mensahe ng pagtuligsa at pagtutol sa kalupitan at pagmamalabis ng mga Espanyol. Gumamit din siya ng simbolismong kakikitaan ng pailalim na diwa ng nasyonalismo. Ang mga tauhan at mga pangyayaring nagdulot ng kaawa-awang kalagayan ng kaharian ng Albanya ay kasasalaminan ng mga naganap na kaliluan, kalupitan at kawalang katarungan sa Pilipinas sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol. Masasalamin din sa akda ang tinutukoy ni Lope K. Santos na apat na himagsik na naghari sa puso at isipan ni Balagtas. (1) Ang himagsik laban sa malupit na pamahalaan. (2) Ang himagsik laban sa hidwaang pananampalataya. (3) Ang himagsik laban sa mga mailng kaugalian. (4) Ang himagsik laban sa mababang uri ng panitikan.

Ang Florante at Laura ay itinuturing na isang obra maestra ng panitikang Pilipino at sinasabing nagbukas ng landas para sa panulaang Tagalog noong ika-19 dantaon. Isinulat niya kasi ang kaniyang akda sa wikang Tagalog sa panahong ang karamihan sa manunulat na Pilipino ay nagsisisulat sa wikang Espanyol. Ang awit ay inialay ni Balagtas kay "Selya" o Maria Asuncion Rivera, ang babaeng minahal niya ng labis at pinagmulan ng kaniyang pinakamalaking kabiguan. Sinasabing isinulat niya ito sa loob ng selda kung saan siya nakulong dahil sa maling paratang na pakana ng mayamang karibal na si Nanong Kapule. Ang malabis na sakit, kabiguan at kaapihan, himagsik at kawalang-katarungang naranasan ni Kiko sa lipunang kaniyang ginagalawan ay siyang nagtulak sa kaniya upang likhain ang kawalang kamatayang Florante at Laura.

Ang awit ay nagsilbing gabay at nagturo sa mga Pilipino ng maraming bagay. Ito ay ay naglalaman ng mahalagang aral sa buhay tulad ng wastong pagpapalaki sa anak, pagiging mabuting magulang, pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan, pag-iingat laban sa mga taong mapagpanggap o mapagkunwari o makasarili, gayundin ang pagpapaalala sa madla na maging maingat sa pagpili ng pinunong sakim at mapaghangad ng yaman.Ipinakita rin sa akda ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa maging doon ay may magkaibang relihiyon tulad ng muslim at kristiyano. Sa panahong ang kababaihan ay mailalarawang mahinhin, hindi makabasag-pinggan at mahina, binigyang-diin sa akda ang taglay na lakas ng kababaihan sa katauhan ni Flerida, isang babaeng Muslim. Sa halip na maging sunud-sunuran lang sa makapangyarihang kalalakihan sa kaniyang paligid tulad ng nakagawian ng mga kababaihan noon, pinili niyang

tumakas mula sa mapaniil na Sultan at harapin nang mag-isa ang mga panganib sa labas ng palasyo at mga kagubatan upang hanapin ang napawalay na kasintahan. Siya rin ang pumutol sa kasamaan ng buhong na si Adolfo sa pamamagitan ng kaniyang palasyo. Ito'y mga katangiang taliwas sa mga katangiang madalas gamitin sa paglalarawan sa kababaihan lalo na noon. Sa halip na siya ang hinanap at inilgtas, siya ang naghanap at nakapagligtas ng buhay sa kapwa niya babae.

Ang akda ay gumabay hindi lamang sa mga pangkaraniwang tao kundi gayundin sa mga bayaning nagmula sa diwang makabayan ng mga Pilipino. Sinasabing si Dr. Jose P. Rizal ay nagdala ng kopya ng Florante at Laura habang siya'y naglalakbay patungo sa Europa at naging inspirasyon niya sa pagsulat ng Noli Me Tangere. Sinasabi ring maging si Apolinario Mabini ay sumipi sa pamamagitan ng kaniyang sariling sulat-kamay ng kopya habang siya ay nasa Guam noong 1901. Bagama't napakatagal ng panahon mula ng isinulat ni Balagtas ang awit ay hindi mapapasubaliang ang mga aral na taglay nitong gumabay sa ating mga ninuno at mga bayani ay nanatiling makabuluhan, angkop at makagagabay pa rin sa mga Pilipino hanggang sa kasalukuyang panahon.

Ang orihinal na pamagat ng Florante at Laura ay " Pinagdaang Buhay nina Florante at Laura sa Cahariang Albania, Quinuha sa Madlang Cuadro Historico o Pinturang Nagsasabi nang Unang Panahon sa Imperio Nang Grecia at Tinula nang Isang Matouain sa Versong Tagalog".

## Gawain

**Gawain A**

Panuto: Mula sa sa binasang kaligirang pangkasaysayan ng Florante at Laura. Sagutan ang mga sumusunod na mga gabay na tanong:

1. Ano ang kalagayan ng bansa sa panahong isinulat ni Balagtas ang awit na Florante at Laura?
2. Ano-ano ang naging layunin ni Balagtas sa pagsulat niya ng Florante at Laura?
3. Bakit kailangan niyang gumamit ng alegorya para maitago ang tunay na mensahe ng kaniyang obra maestra?
4. Isa-isahin ang apat na himagsik na masasalamin sa Florante at Laura ayon kay Lope K. Santos? Sa paanong paraan ipinakita ng akda ang mga himagsik na ito?
5. Dahil sa naging impluwensiya ng akdang ito sa ating mga bayani at maging sa pangkaraniwang tao, masasabi nga bang mas makapangyarihan ang pluma kaysa sa tabak? Ipaliwanag.


**Gawain B**

Panuto: Punan ang talahanayan gamit ang 3-2-1 Chart.

| | |
|---|---|
| **3** **BAGAY NA AKING NALAMAN** | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| **2** **BAGAY NA AKING NATUTUHAN** | ______________________<br>______________________ |
| **1** **TANONG NA NAIS MASAGOT** | ______________________ |

**Gawain C**

Panuto: Ihambing ang kaligirang pangkasaysayan ng Florante at Laura sa iba pang kaligirang pangkasaysayan ng akdang pampanitikang kinagigiliwan pa rin sa kasalukuyan sa tulong ng Venn Diagram.




## Tandaan

Ang Florante at Laura ay isang awit at maituturing na obra maestra o akdang-guro ni Francisco Baltazar. Ang nilalaman ng akdang ito ay napapanahon at punong-puno ng magagandang kaisipan na dapat maikintal sa isipan ng mga mambabasa. Totoong may kalaliman at kabigatan ang mga salitang ginamit ni Balagtas na ang karamihan ay mga pahiwatig at tayutay kaya nangangailangan ito ng maliming pagsusuri upang lubos na maunawaan ang mga bagay na tinutukoy sa loob ng taludtod.

## Pag-Alam sa mga Natutuhan

**Panuto**: Sumulat ng isang talata na binubuo ng limang pangungusap tungkol sa natutuhan mo sa akda sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong sa ibaba.



## Pangwakas Na Pagsusulit

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at tukuyin ang mga layunin ni Balagtas sa pagsulat ng walang kamatayang Florante at Laura. Lagyan ng tsek (/) ang kahon ng lahat ng iyong sagot.

☐ 1.Maihayag ang apat na himagsik na naghari sa puso ni Balagtas kaugnay ng pamamahala ng mga Espanyol.

☐ 2.Makabuo ng isang akdang maiaalay kay "Selya" o Maria Asuncion Rivera, ang babaeng minahal niya ng labis.

☐ 3.Makabenta nang marami at yumaman sa pamamagitan ng salaping kikitain sa kanyang walang kamatayang akda.

☐ 4.Maisalin ang kaniyang akda sa iba't ibang wika at mabasa sa iba't ibang bansa.

☐ 5.Mailahad ang malabis na sakit, kabiguan, kaapihan, himagsik at kawalang- katarungang naranasan niya sa lipunang kanyang ginagalawan.

**B. Panuto**: Basahin at unawain ang bawat katanungan at piliin ang titik ng wastong kasagutan.

1. Ang mga sumusunod ay kalagayang panlipunan na naganap sa panahong naisulat ang Florante at Laura **MALIBAN** sa______.
   A. Mahigpit ang ipinatupad na sensura kaya't ipanagbawal ang mga babasahin at palabas na tumutuligsa kalupitan ng mga Espanyol.
   B. Naging maluwag, makatarungan at makatao ang ginawang pamamahala ng mga Espanyol sa ating bansa.
   C. Marami sa mga nalathalang aklat sa panahong ito ay mga diksyunaryo at aklat pangramatika.
   D. Ang karaniwang tema ng mga sulatin sa panahong iyon ay tungkol sa relihiyon at paglalaban ng mga Kristiyano at Muslim.
2. Ang Florante at Laura ay isinulat ni Balagtas noong 1838. Sa kabila ng maraming taon na ang lumipas patuloy pa rin itong binabasa at pinag-aaralan. Ang patunay na may matibay na epekto ang Florante at Laura ay __.
   A. Isa itong Obra Maestra.
   B. Isang awit na may 12 pantig sa bawat taludtod.
   C. Naglalaman ng mga mahahalagang aral sa buhay.
   D. Bahagi ng kasaysayan.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)

3. May mga layunin si Balagtas sa pagsulat ng walang kamatayang Florante at Laura. Isa sa mga ito ay ang ___.

A. Makapagbili nang maraming sipi at yumaman sa pamamagitan ng kaniyang walang kamatayang akda.
B. Makabuo ng isang akdang maiaalay kay “Selya” o Maria Asuncion Rivera, ang babaeng minahal niya nang labis.
C. Maisalin ang kaniyang akda sa iba’t ibang wika at mabasa sa iba’t ibang bansa.
D. Mailahad ang labis niyang katuwaan sa magagandang karanasan sa mga Espanyol.

4. Batay sa ginawang paghahambing ng pangyayari sa akda at pangyayari sa tunay na buhay sa kasakuyang panahon. Sa iyong palagay, bakit mahalagang pag-aralan ang Florante at Laura dahil ?

A. Bahagi ito ng kurikulum sa Baitang 8
B. Ang estilo ng bigkas nito ay pa-awit
C. Naglalaman ito ng mga salitang matatalinghaga
D. May mga aral itong hanggang sa kasalukuyan ay naisasabuhay pa rin

5. Malinaw na ang mga pangyayari sa Florante at Laura ay nangyayari pa rin sa kasalukuyan. Ipagpalagay na umiral din ang kawalang-katarungan sa iyong buhay dahil sa pagkakaiba ng kalagayan sa buhay. Mas pipiliin mong maging katulad ni?

A. Florante, paninindigan ang alam niyang tama.
B. Adolfo na gagawin ang lahat para sa personal niyang interes.
C. Flerida, ipaglalaban ang tunay na pag-ibig.
D. Laura, maghihintay ng tamang panahon.

## Sanggunian

Manlapaz, Carolina D.et.al. Gantimpala; Pinagsanib na Wika at Panitikan(Manila City: Innovative Educational Materials, Inc) 2015 pahina 388.

Baisa- Julian, Aileen G.et.al. Pinagyamang Pluma 8: Ikalawang Edisyon Wika at Panitikan para sa Mataas na Paaralan.Phoenix Publishing House.(Quezon City) 2018 pahina 476, 489-491, 497.

## Susi Sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. A | 1. / |
| 2. C | 2. / |
| 3. B | 3. |
| 4. D | 4. |
| 5. A | 5. / |

**Pangwakas na Pagsusulit**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. / | 1. A |
| 2. / | 2. C |
| 3. | 3. B |
| 4. | 4. D |
| 5./ | 5. A |